

**BATA MAMA AT BATA BAHÍ,
ABADEJA, PERIGRINA, MARIANG
ALIMANGO, AT ELANG ULING:
ANG PAGTALUNTON SA KALIKASAN
NG MGA FILIPINONG CINDERELLA**

EUGENE E. EVASCO

Wala nang hihigit sa kuwentong Cinderella, kung sa dami ng bersiyon, reinterpretasyon, pagsasalin, at adaptasyon ang pag-uusapan. Sa mga pag-aaral at pagtitipon ni Heidi Anne Heiner, tinatayang 340-1,500 ang kabuuang bilang ng mga bersiyon nito; kasama sa pagtatala at pagsasalansan ang mga aklat pambata at mga interpretasyong musikal. Sa pag-aaral na *Cinderella: Three Hundred and Forty-five Variants of Cinderella, Catskin, and Cap O'Rushes* (1893), itinanghal ni Marian Roalfe Cox ang ganitong tipo ng kuwento bilang pinakakaraniwan sa buong daigdig. Sa ibang lipunan at kultura, kilala ang Cinderella bilang Yeh-Shien, Cendrillon, Aschenputtel, Rashin Coatie, Mossy Coat, Katie Woodencloak, at Cenerentola. Nabigyan rin ang Cinderella ng mga bagong dulog at interpretasyon sa mga pelikula: *Working Girl* (Melanie Griffith), *Pretty Woman* (Julia Roberts), *Ever After* (Drew Barrymore), *Ella Enchanted* (Anne Hathaway), at *A Cinderella Story* (Hilary Duff). Nasa hulmang *rags-to-riches* ang kuwento, tinatalakay ang mga klasikong tunggaliang pampamilya (tulad ng hidwaan ng magkakapatid at pagseselos), at ang pananaig ng kabutihan ang mga tinutukoy na dahilan sa popularidad ng Cinderella (Tatar 2002: 29).

Sa mga folklorista, kilala ang Cinderella bilang Antti Aarne-Stith Thompson tale type 510A. Buhat ito sa kanilang pag-aaral na *Types of the Folktale* (1928, 1961) at bunga nito'y nakalikha sila ng sistema sa pag-uuri ng mga Indo-Europeo na kuwentong-bayan. Sa kanilang pag-aaral, naitala nila ang 2,500 na batayang banghay sa panitikang-bayan.

MGA ELEMENTO NG CINDERELLA

Ang batayang banghay ng Cinderella ang itinuturing na elemento ng kuwento. Una, ang bida, babae man o lalaki, ay pinagmamalupitan at hindi naiintindihan ng pamilya o ng mga tagapag-alaga niya. Pangalawa, ang tauhang Cinderella ay mabait at mapagbigay. Nagtataglay ito ng mga positibong pag-uugali. Pangatlo, binibigyan ng mga pagsubok ang bida upang patunayan ang kaniyang matuwid at magandang asal. Pang-apat, dahil sa mainam na katauhan, natutulungan ito ng salamangka sa oras ng pangangailangan. Mga tagapagbigay (*donors*) ang tinutukoy na salamangka. Sa bersiyong Aleman, puno at mga ibon ang kaligtasan ng bida. Sa bersiyong Pranses, isang *fairy godmother*; sa bersiyon ng Scotland, maliit na pulang baka; sa bersiyong Irish, isang toro; sa bersiyon ng Italya, puno ng date at mga diwata ng Sardinia; at sa bersiyong Tsino, isda at ang mga tinik nito. Panlima, isang dugong-bughaw ang nakatutukoy sa namumukod-tanging pagkatao ng bida. Makikilala ang kaniyang halaga sa isang bagay na maiiwan niya tulad ng salamin o gintong sapatos. Maiaangat ang bida sa mataas na posisyon sa lipunan sa tulong ng dugong-bughaw. At pangwakas, may magandang aral na ibinabahagi ang kuwento.

Pangunahing layon ng pananaliksik ang tuklasin ang mga bersiyong Cinderella sa panitikang Filipino. Taglay ba nito ang Filipinong sensibilidad o Eurosentrikong pananaw at kolonyal na impluwensiya ang bersiyong nasusumpungan? Nilikha ba ito para sa komersiyal na layon? Ang pagdirikit ng "Cinderella" sa pamagat ay bentahe upang ibenta ang aklat, sa konteksto ng paglalathala sa Pilipinas, na higit na tinatangkilik ang mga aklat pambata mula sa Kanluran. O baka naman ito'y bunga ng nasyonalistikong diwa ng mga manunulat at tagapaglimbag—ang Filipinisasyon ng mga Kanluraning texto. May nalalapit ba sa Asyanong bersiyon?

Bilang mag-aaral ng Araling Pilipino, hindi ako sumasang-ayon sa paggamit ng terminong Cinderella. Para ko na ring inihulma ang panitikang-bayan sa popular na bersiyon ng daigdig. Pananaig ito ng isang kultura. Mas karapat-dapat gamitin ang terminong Yeh-Hsien dahil ito ang unang naitalang bersiyon ng

kuwento. Kung maka-Pilipino naman ang layon, maaaring gamitin ang terminong Abadeja o Mariang Alimango. Kung mas akademiko o siyentipiko, maaaring gamitin ang "Aarne-Thompson tale type 510A." Bilang paglilinaw, ginamit ko ang "Cinderella" para mapadali ang diskusyon. Hindi maitatwa na mas kilala ang naturang termino sa kasalukuyang panahon.

KASAYSAYAN NG CINDERELLA

Pinakamatandang naitalang bersiyon ng Cinderella ang *Yeh-Hsien* o *Yeh-Shen* mula sa Tsina. Naitala ito noong ika-siyam na siglo (830-850 A.D.) ni Tuan C'heng-shih. Si Yeh-Hsien ay napakatalino at mahusay lumikha ng mga banga. Matiisin at mapagkumbaba ang dilag sa piling ng madrasta at mga anak nito. Natuklasan ng kaniyang madrasta ang isdang kaibigan (sampung talampakan ang haba) ni Yeh-Hsien at pinapatay ito. Nilikom ng dilag ang mga tinik ng isda. Mahiwaga pala ito at nagbibigay ng pagkain, inumin, damit yari sa balahibo ng *kingfisher*, at maliit na gintong sapatos. Dumalo si Yeh-Hsien sa isang pagdiriwang sa kanilang bayan. Sa pagsasaya, naiwala niya ang isang pares ng gintong sapatos. Nakuha ito ng punong mandirigma, naakit sa liit ng sapatos (simbolo ng kagandahan ang maliit na paa sa mga babaeng Tsino). Tinalunton niya ang dilag at hinirang niyang pangunahing asawa. Samantala, ang madrasta at mga anak nito ay pinaslang sa pamamagitan ng mga bato.

Unang naitalang Kanluranin at Europeong bersiyon ang *La Gatta Cenerentola* (Cat Cinderella) mula sa Naples, Italy noong 1634. Itinala ito ni Gaimbattista Basile. Si Zezolla ay inaalipin din ng pangalawang madrasta, na may anim na anak na babae. Pinatutulog ito sa painitang maabo, kasama ng pusa ng pamilya. Unti-unting nabura ang kaniyang pangalan at tinawag siyang Cat Cinderella. Naging tagapagligtas at karamay niya ang mga diwata ng Sardinia. Binigyan siya nito ng mahiwagang puno ng *date* na namumunga ng mga damit pampista.

Pinakakilala at klasikong kuwentong Cinderella ang *Cendrillon*. Napabilang ito sa antolohiyang *Histoires ou Contes du*